Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**

Hunyo 13, 2022

To: Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya
At sa iba pang KInauukulan

Sa darating na ika-24 ng Hunyo , 2022 ay gaganapin ang talakayan sa paggunita sa pagdiriwang ng ika-124 na Anibersaryo sa Pagpapalaya ng Bulacan. Ang gawaing ito ay sa pangunguna ng KABISERA katuwang ang PHACTO sa pakikipagtulungan ng Museo ni Marcelo H. del Pilar, BSU – Meneses Campus at Bahay Saliksikan ng Bulacan. Ang paksa ng talakayan ay " Ang Pamanang Bayan sa Daluyong ng Kaunlaran"

Dahil dito ang 33 Araling Panlipunan "District Coordinators" ay dadalo sa talakayan na gaganapin sa Hunyo 24, 2022, ika-1:00 ng hapon sa Tanghalang Nicanor Abelardo, Hiyas ng Bulacan Cultural Center: Sentro ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo , Antonio Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound , Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito

**ZENIA G. MOSTOLES Ed. D. CESO V**
Schools Division Superintendent

LIHAM PANSANGAY
No. 045 s. 2022

PHACTO RELEASE
DATE: JUN 07 2022
CONTROL NO.: 22-128

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

**PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO**

Hunyo 7, 2022

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
DepED – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Sa Atensyon Ni: **Dr. Virgilio L. Laggui**
AP Supervisor

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati sa ngalan ng Kasaysayan at Pamana ng Bulacan!

Sa taong ito ay gugunitain ng KABESERA, katuwang ang aming tanggapan, ang Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo (PHACTO), sa pakikipagtulungan ng Museo ni Marcelo H. del Pilar, Bulacan State University - Meneses Campus, at Bahay Saliksikan ng Bulacan (BulSU) ang ika-124 na Anibersaryo ng Pagpapalaya ng Bulacan o Liberation of Bulacan. Ito ay isasagawa sa pamamagitan ng isang talakayan sa paksang: "Ang Pamanang Bayan sa Daluyong ng Kaunlaran."

Kaugnay nito, malugod po naming hinihiling na sa pamamagitan ng inyong memo ay maanyayahang dumalo ang **tatlumpung (30) guro** mula sa inyong dibisyon sa nasabing talakayan na magaganap sa **ika-24 ng Hunyo 2022, ika-1:00 ng hapon sa Tanghalang Nicanor Abelardo**, Hiyas ng Bulacan Cultural Center: Sentro ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo, Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Inaasahan po namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Maraming salamat po!

Sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno

*Hiyas ng Bulacan Cultural Center: Sentro ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo*
*Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. 044-761-6749*
*Email Address: phacto@bulacan.gov.ph*

DF
Daniel R. Fernando
Wilhelmino M. Sy-Alvarado